

**WARM-UP**

- Ano ang pagkain na hindi mo pagsasawaang kainin araw-araw?
- Mas gugustuhin mo bang maging bahagi ng isang malaki na grupo ng magkakaibigan o mas gusto mo ang isang maliit na grupo lamang?
- Masaya ka ba kapag mag-isa ka lamang? Paano mo ginagamit ang mga bakante mong oras?

**WORD**

*<sup>42</sup>Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin.*

*<sup>43</sup>Maraming himala at kamangha-manghang ginawa ang Diyos sa pamamagitan ng mga apostol. Kaya namuhay ang mga tao nang may paggalang at takot sa Diyos . . . <sup>47</sup>at palagi silang nagpupuri sa Diyos. Nagustuhan sila ng lahat ng tao. Araw-araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga taong kanyang inililigtas.*

**MGA GAWA 2:42,43,47**

(Basahin din ang **MGA HEBREO 10:22-25.**)

Noong araw ng Pentecostes, ang mga disipulo ay nagtipon-tipon matapos umakyat ni Jesus sa langit. Noong araw na iyon, sa unang pagkakataon, sila ay napuspos ng Banal na Espiritu na ipinangako ni Jesus na ipapadala Niya. Nagsalita sila sa iba't ibang mga wika. Binigyan din ng Espiritu si Pedro ng kakaibang tapang upang maipaliwanag sa madla kung ano ang nangyayari sa kanila at kung sino si Jesus. Dahil dito ilang libong tao ang nakakilala kay Cristo. Ang sinaunang iglesya na umusbong noong araw ng Pentecostes ay nagpakita ng debosyon ng mga mananampalataya. Saan tayo dapat magpakita ng debosyon o pagiging masigasig bilang isang iglesya?

## 1 | Salita

*Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol . . .* **MGA GAWA 2:42**

Ipinakita nila na bilang isang iglesya, dapat tayong maging masigasig sa pag-aaral ng Salita ng Diyos—ang mga *itinuturo ng mga apostol*, na nagmumula sa karunungan ibinigay sa kanila ng Banal na Espiritu. Paano mo ipinapakita ang debosyon mo sa Salita ng Diyos? Paano ka nagsasaliksik sa Salita ng Diyos?

---

---

## 2 | Komunidad

*Naging masigasig sila sa . . . pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay . . .* **MGA GAWA 2:42**

Ang mga sinaunang disipulo ay naging masigasig din sa *pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay*. Binigyan nila ng halaga ang komunidad ng mga mananampalataya, ang katawan ni Cristo. Gaano ka kasigasig na pahalagahan ang komunidad ng iglesya? Ano ang nangyayari kung hindi naaalagaan ang mga relasyon sa iglesya?

---

---

### 3 | Panalangin

*Naging masigasig sila sa . . . panalangin.* **MGA GAWA 2:42**

Ang iglesya ay naging masigasig din sa *panalangin*. Ang mga panalangin ay nangangahulugan ng palagiang pakikipag-usap sa Diyos, bilang isang indibidwal at bilang isang grupo. Kung tayo ay masigasig sa panalangin, naglalaan tayo ng oras upang makipag-usap sa Diyos at ipagkatiwala sa Kanya ang lahat ng ating mga pinangangambahan. (1 Pedro 5:7). Nagtitiwala tayo sa kapangyarihan ng Diyos na tumugon sa ating panalangin ayon sa Kanyang layunin. Gaano kadalas ka nananalangin? Paano ka nabibigyan ng kasiglahan at kaginhawahan sa tuwing ikaw ay nananalangin?

---

---

#### APPLICATION

- Inilaan mo na ba ang buhay mo sa Diyos? Gusto mo bang gawin ang desisyon na ito ngayon?
- Alin sa pag-aaral ng Salita ng Diyos, pagtitipon bilang magkakapatid, at paghahati-hati ng tinapay ang pinaka nahihirapan kang gawin? Ano ang dalawang bagay na maaari mong gawin upang baguhin ito ngayong linggo?
- May isang bagay ka bang pinaglalaanan ng panahon na alam mong hindi tama? Ipanalangin ito sa Panginoon. Mag-isip ng isang bagay na maaari mong gawin upang makasanayang ilaan ang oras mo sa mga tamang bagay.

